CSC
CIVIL SERVICE COMMISSION
Republic of the Philippines
Regional Office IV

**ELLO, Raul P.**
Re: Request for Assistance
N0420034721
(Poblacion, Dumaran, Palawan)
x----------------------------------------------x

SEP 13 2022

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
Regional Executive Director
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA
<mimaroparegion@denr.gov.ph>

Dear **Director Claudio:**

This refers to the attached letter of **Raul P. Ello**, a member of the *Cuyunon* indigenous people in Poblacion, Dumaran, Palawan, alleging acts of **Fe Remy Ann Paalan**, an alleged government employee (nurse), and **Anita Paalan**, an averred COMELEC employee, constituting usurpation of rights over a parcel of land located in the same municipality.

The pertinent portions of the said letter read as:

> *"Xxx nais ko sanang ipaabot ng (sic) aking problema dahil sa aking pagkakaalam ay hindi dapat ito gawain ng katulad sa (sic) isang professional na mga empleyado ng gobyerno, xxx. Ang tinutukoy rito si (sic) Fe Remy Ann Paalan, isang nurse dito sa Poblacion, Dumaran. Sa edad kong 69, senior citizen ay nagawa nyang pasukin and aking area na inuokupahang lupa sa matagal na panahon at ang ginawa ay ipinakaingin sa kanilang trabahador dito pati and (sic) tanim kong kasoy ay isinama pa nila. At nag lagay pa ng poste na may pangalang 'Fe Remy Ann'. **Ang isla po ng Dumaran ay timberland ang classification, walang release dito, xxx tanim ko lang ang aking pinoproteksyunan** dahil ito ay pinagpaguran ko at ayon sa IPRA Law 8371, my (sic) karapatan kaming mga katutubo dito na magkaroon ng lupain basta ito'y may tanim at inaalagaan nang mahigit 30 years an (sic) tuloy-tuloy hanggang ngayon. Xxx subrang lakas nila sa LGU's (sic) dito pinasok (sic) nila ang aking area kahit hindi kami pumayag xxx kaya maliwanag na panghaharas (sic) at*

*pag trespass at pangaabuso sa kapangyarihan and nagyari (sic) dahil gingamitan (sic) kami ng pwersa ng municipyo at barangay para pasukin ang area ko na walang maayos na imbistigasyon dito, na hindi sila awtorisado (sic) dito* ***dahil nga sa ito'y timberland at ang DENR ang may karapatan dito ayon sa kanilang sinasabi sa DENR/CENRO sa illegal kaingin noong July 14, 2020 at ininspeksyon noong August 20, 2020 at may sulat dito and CENRO Roxas na pirmado ni dating CENRO Emer Garraez na sinasabing 'na ibakante o lisanin nila and naturang area' para kina Fe Remy Ann Paalan at Gng. Anita Paalan COMELEC*** *(sic),* ***subalit ito'y hindi nila sinunod at nag sabwatan pa sila ng taga Munisipyo at barangay****. Hindi sila marunong sumunod sa batas xxx. Ito ba ang mga taong pinapayagan ng ating serbisyo civil? na (sic) mang api sa katulad naming katutubo na lapastangin ang aming mga karapatan dahil sa hindi kami malakas sa gobyerno xxx dahil dito wala na kaming mahingian o malapitan dahil sa kanila nakapanig ang lahat o ang mga awtoridad xxx; (Underscoring and bold-faced ours)*

*"Xxx."*

Relative thereto, upon careful scrutiny of the entire records of this case, it appears that the instant matter brought to this Office by Ello, was already brought before and acted upon by the Department of Environment and Natural Resources-Community Environment and Natural Resources Office (DENR-CENRO), Roxas, Palawan. As can be gleaned from Ello's representations, there is already a previous CENRO letter ordering Fe Remy Ann Paalan and Anita Paalan to vacate the contested property, but they ignored the same.

Moreover, it is likewise noted that the focal issue formed by Ello's allegations is in the nature of a land dispute involving timber lands, over which your office has jurisdiction[1].

Pertinent herein is **Section 6 of the 2017 Rules on Administrative Cases in the Civil Service**[2] **(2017 RACCS)** which provides that:

> *"**Section 6. Referral of Case or Matter to the Proper Office.** When an administrative case or matter is filed before the Commission or any of the CSC ROs, but jurisdiction over such case or matter properly belongs to any other CSC RO or to the Commission, the same shall be forwarded by the office concerned to the appropriate CSC RO having jurisdiction over the case or matter or to the Commission as the case may be. The Commission or **the CSC RO may also refer a case or matter to other agencies as it may deem necessary.**" (Underscoring and Bold-face ours)*

Accordingly, we are referring to you the concerns of Ello for the appropriate action and resolution of your agency, considering that your office has the jurisdiction to resolve the concerned issue

---

[1] Section 5, Presidential Decree No. 705, May 19, 1975, Revising Presidential Decree 389, otherwise known as the Forestry Reform Code of the Philippines.
[2] CSC Resolution No. 1701077, dated July 3, 2017.

associated with the previous CENRO letter described above. With this referral, the subject letter of Ello is deemed **CLOSED** and **TERMINATED** insofar as this Office is concerned.

Kindly inform this Office of any action taken by you thereon.

Very truly yours,

**MARIA LETICIA G. REYNA**
Director IV

**Encl.: As stated**

**Copy furnished:**

**RAUL P. ELLO**
Poblacion, Dumaran, Palawan 5310

**ARNOLDO A. BLAZA, Jr.**
OIC-CENRO
DENR-Community and Environment
and Natural Resources Offices
<denrroxaspal@gmail.com>

MLGR/86/110
Request for Assistance
N0420034721

110

Civil Service Commission Regional Office IV

SEP 2 9 2021

ORD0929 2102

Civil Service Commission-ROIV
Office of the Regional Director

SEP 2 9 2021

RECEIVED

Province of Palawan
Municipality of Dumaran
Barangay Poblacion

July 29, 2021

**DIRECTOR IV KARIN LITZ P. ZERNA**
**CSCRO 4 – 139 PANAY AVENUE BRGY. SOUTH**
**TRIANGLE, QUEZON CITY 1103**

Pagbati!

Magandang Araw.

Ako po si G. Raul P. Ello miyembro ng katutubong cuyuno dito sa Poblacion, Dumaran, nais ko sanang magpaabot ng aking problema dito dahil sa aking pagkakaalam ay hindi dapat ito gawain ng katulad sa isang professional na mga empleyado ng gobyerno, sila ang dapat tularan ng magandang asal, subalit hindi ko ito nakita sa kanila. Aking tinutukoy rito si Fe Remy Ann Paalan, isang nurse dito sa Poblacion, Dumaran. Sa edad kong 69, senior citizen ay nagawa nyang pasukin ang aking area na inuokupahang lupa sa matagal na panahon at ang ginawa ay ipinakaingin sa kanilang trabahador dito pati ang tanim kong kasoy ay isinama pa nila. At naglagay pa ng poste na may pangalang 'Fe Remy Ann'. Ang isla po ng Dumaran ay timberland ang classification, walang release dito, ang sa akin po ay ang mga tanim ko lang ang aking pinoproteksyunan dahil ito ay pinagpaguran ko at ayon sa IPRA LAW 8371, may karapatan kaming mga katutubo dito na magkaroon ng lupain basta ito'y may tanim at inalagaan nang mahigit 30 years na tuly-tuloy hanggang ngayon. Ang nakakagulat po dito dahil sa sobrang lakas nila sa LGU's dito pinasok nila ang aking area kahit hindi kami pumayag sa kanila, kaya maliwanag na panghaharas at pagtrespass at pang-aabuso sa kapangyarihan ang nangyari dahil ginagamitan kami ng pwersa nang munisipyo at barangay para pasukin ang area ko na walang maayos na imbistigasyon dito, na kahit hindi sila awtorisado dito dahil nga sa ito'y timberland at ang DENR ang may karapatan dito ayon ang kanilang sinasabi sa CENRO/DENR. Ito po ay ang pinakaingin ni Fe Remy Ann at ipina-GPS. Ito'y nareport na sa DENR/CENRO sa illegal kaingin noong July 14, 2020 at ininspeksyon noong August 20, 2020 at may sulat dito ang CENRO Roxas na pirmado ni dating CENRO Emer Garraez na sinasabing 'na ibakante o lisanin nila ang naturang area' para kina Fe Remy Ann Paalan at Gng. Anita Paalan COMELEC, subalit ito'y hindi nila sinunod at nagsabwatan pa sila ng taga Munisipyo at barangay. Hindi sila marunong sumunod sa batas, mga matatalino ito at propesyunal pa. Ito ba ang mga taong pinapayagan ng ating serbisyo civil? na mang api sa katulad naming katutubo na lapastangin ang aming mga karapatan dahil sa hindi kami malakas sa gobyerno at hindi ako kilala kaya alam kong ito'y inyo pong mauunawaan at matugunan ang naturang usapin o problema sa patas at may konsesyang pagdedesisyon dahil dito wala na kaming mahingian o malapitan dahil sa kanila nakapanig ang lahat o ang mga may awtoridad dito sa munisipyo man o barangay.

Nawa'y magkaroon ng katarungan ang aming hinaing. Maraming salamat.

Sumasainyo,

Raul P. Ello

**RAUL. ELLO**

TRIBAL CHIEFTAIN

09463743383

NEW KAINGIN SA SAME LOCATION








MAY 03, 2021

DAGDAG NG BAGONG KAINGIN MAY 3, 2021





II



BAGONG KAINGIN (MAY 24, 2021)




BAGONG KAINGIN (MAY 24, 2021)






POSTE NA MAY PANGALANG (FE REMY PAALAN)

ILLEGAL ENTRY




MGA TAUHAN NI FEREMY ANN PAALAN

1. RENEBOY ECOT
2. FRANCISCO NADAYAO
3. ROMEL DELA CRUZ
4. DI NAKILALA

Poblacion, Dumaran, Palawan

Marso 14, 2020

Ako si **JUDITH E. CONDESA**, tamang edad, isarang Pilipino. Aka istar dige sa Poblacion, Dumaran, Palawan, aga pamatod nga ako mi lugta dige sa Poblacion. Mabuay den ja nga aka asses sa gobyerno, ig ang akeng kadolan dige si G. RAUL P. ELLO, ara iba.

Lagda,

Jcondesa

**JUDITH E. CONDESA**

salin Cuyunon - Tagalog

Ako si Judith E Condesa, wastong edad, isang Pilipino. Nakatira dito sa Poblacion, Dumaran, Palawan, nagpapatunay na ako ay may lupain dito sa Poblacion. matagal na itong naka access sa gobyerno at ang aking katabi o kaboundary ay si G. Raul P. Ello, walang iba

Poblacion, Dumaran, Palawan

Febrero 18, 2020

Ako si **MARGARITA M. MANOCSOL** edad 81,isang pilipino, nakatira dito sa Poblacion, Dumaran, Palawan. Dating may-ari ng lupa, na sa aming pag-uusap ng aking katabing lupa o ka-boundary , ang hangganan namin ay ang malaking puno ng kasoy at ako'y hindi na lumagpas o sumobra dito dahil sa ito ay pagmamay-ari na ng iba, ang nagpoposisyon dito ay si **G. RAUL P. ELLO** dahil sa sila ay matagal na panahong nag-uukopa dito sa lugar na ito. Ako'y lalagda ayon sa aking kagustuhan at walang pamimilit ng sinoman, kusang-loob ko itong ginawa ayon sa aking kalooban.

Dating May-ari ng Lupa

Margarita c. manocsol

**MARGARITA M. MANOCSOL**

**Witnesses:**

Salvacion A. Lagutan

Mercy M. Malic

PROVINCE OF PALAWAN

MUNICIPALITY OF DUMARAN

POBLACION DUMARAN PALAWAN

May 5, 2021

## PATOTOONG SALAYSAY

Ako si **GNG. DOMINICA ZUMARAGA** edad 75, at **GNG. PURIFICATION MAGURA** edad 65, pawang mga Senior Citizen na nakatira dito sa Poblacion, Dumaran at mga miyembro ng katutubong Cuyuno na nagpapatunay na si **G. RAUL P. ELLO** ay matagal na naming kilala dito at permanenting nakatira dito sa Purok 1 Poblacion, Dumaran, at may sarili siyang bahayat mayroon ding kaunting lupa na inukupahan na kanyang inaasikaso dito.

Kami ay kusang-loob at walang pamimilit sa amin upang pumirma at patunay na si **G. RAUL P. ELLO** ay matagal na nakatira dito.

Pirma

1. Dominica Zumaraga

2. Purificacion B. Magura